# Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-ay humingi ng lalagyan na may tubig,ibinigay sa kanya ang lalagyan na Rahrāh na may kaunting tubig, at ipinasok niya ang mga daliri niya sa loob nito,Ang sabi ni Anas: Ginawa kong titigan ang tubig,at ito ay lumalabas sa pagitan ng kanyang mga daliri,at sa palagay ko, ang bilang ng nakapagsagawa ng wudhu rito ay nasa pagitan ng pitumpo hanggang walumpo.

Ayon kay Anas bin Mālik-malugod si Allāh sa kanya-Hadith na marfū-Dumating ang oras ng pagdarasal-Tumayo [ng pagdarasal] ang sinumang malapit sa pamilya nito, at natitira ang mga lipon ng tao [na malayo sa Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan]-Ibinigay kay Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-ang isang lalagyan [ng tubig] na yari sa bato,Naging maliit ang lalagyan [ng tubig] nang buksan niya ang palad niya rito, at nakapagsagawa ng wudhu ang lahat ng mga tao. Nagsabi sila: Ilan kayo? Nagsabi siya: Walumpo at mahigit pa. At sa isang pananalita: Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-ay humingi ng lalagyan na may tubig,ibinigay sa kanya ang lalagyan na Rahrāh na may kaunting tubig, at ipinasok niya ang mga daliri niya sa loob nito,Ang sabi ni Anas: Ginawa kong titigan ang tubig,at ito ay lumalabas sa pagitan ng kanyang mga daliri,at sa palagay ko, ang bilang ng nakapagsagawa ng wudhu rito ay nasa pagitan ng pitumpo hanggang walumpo.

[Tumpak] [Napagkaisahan sa katumpakan sa maraming salaysay]

Sinabi ni Anas-malugod si Allah sa kanya-:"Dumating ang oras ng pagdarasal":Habang ang mga kasamahan ng Propeta ay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Madinah,dumating ang oras ng pagdarasal ng `Asr."Tumayo [ng pagdarasal] ang sinumang malapit sa Masjid" Ibig sabihin :Pumunta yaong sinumang malapit ng kanilang bahay sa lugar na ito sa [kanilang] tahanan upang makapagsagawa sila ng wudhu rito."at nanatili ang mga lipon ng tao" Ibig sabihin: Nanatili yaong malalayo ang kanilang mga bahay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan."Ibinigay kay Propeta-pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan-ang isang lalagyan [ng tubig] na yari sa bato" :Ibig sabihin ay ibinigay sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang maliit na lalagyan na yari sa bato na may lamang kaunting tubig,at dumating sa ibang salaysay na ito ay inilalarawan sa

Rahrāh "Naging maliit ang lalagyan [ng tubig] nang buksan niya ang palad niya rito" Ibig sabihin: Naging masikip ang yaong maliit na lalagyan sa palad ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nang naisin niyang buksan ito sa gitna nito. Nagsabi si Anas: "at nakapagsagawa ng wudhu ang lahat ng mga tao. Nagsabi sila: Ilan kayo? Nagsabi siya: Walumpo at mahigit pa" Ibig sabihin ay: Walumpo at mas marami pa

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5446

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee